

# Pagtukoy sa motif ng pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal tungo sa pagbuo at balidasyon ng huwarang worksheet sa kritikal na pag-iisip ng mag-aaral

De Ocampo, Israel ✉

Pandan Bay Institute, Inc., Philippines ([deocampo\\_israel@yahoo.com](mailto:deocampo_israel@yahoo.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

**Received:** 19 December 2023

**Revised:** 3 January 2024

**Accepted:** 10 January 2024

OPEN ACCESS

**Available Online:** 10 January 2024

**DOI:** 10.5861/ijrse.2024.23079

## ***Abstract***

This study assessed the use of an exemplary Filipino historical-biographical film viewing worksheet based on the film's motif as a teaching method and tool to increase students' critical thinking. It was conducted in two groups at Pandan Bay Institute, Inc., Pandan, Antique where the researcher teaches. Using a quasi-experimental design, the results of this study showed that the mean score of 26.03 of the Experimental Group that used the model worksheet in teaching was higher than the mean score of 22.86 of the Control Group that used traditional writing of reaction after watching as a sign of student understanding. The computed t-value of 2.3581 shows a significant difference for 68 degrees of freedom with the .05 level. The prediction of the relationship between the level of the student's learning criteria in the post-test and the intervention using the model worksheet in the Experimental Group had a high performance compared to the Control Group. The use of exemplary student viewing worksheets is closely related to high student learning performance that enhances students' critical thinking and viewing.

***Keywords:*** pagtuturo ng kasaysayan, motif ng pelikulang Pilipino, historiko-bayograpikal, kritikal na pag-iisip, inobasyong pedagogikal

## **Pagtukoy sa motif ng pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal tungo sa pagbuo at balidasyon ng huwarang worksheet sa kritikal na pag-iisip ng mag-aaral**

### **1. Introduksyon**

Nalilibang habang natututo ng mga kaalaman ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga imahen: internet, telebisyon at pelikula ang ilan sa mga halimbawang ito. Samantalang mahalaga ang nakasulat na mga salita sa pagkatuto, kapansin-pansing maraming edukador ang gumagamit na ng mga awdyo-biswal na kagamitang iniuugnay nila sa pagtuturo sa silid-aralan. Si Willingham (2009) isang dalubguro sa sikolohiya ay minsang nagtanong, “Bakit madalas na natatandaan ng mga mag-aaral ang lahat ng kanilang napapanood sa telebisyon habang nakalilimutan nila ang mga lektyur sa klase?” – ito ay sa dahilang nakatutulong ang mga biswal na midya upang matandaan ng mga mag-aaral ang mga kaisipan at ideya. Mula rito, hindi mapasubaliang talagang akma ang paggamit ng mga awdyo-biswal na materyales bilang kagamitang panturo sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na’t nagkakaroon ng interaktibong ugnayan sa pagitan nila at ng kanilang pinag-aaralan.

Naniniwala si Francisco (2015) na bagama’t palasak nang ginagamit ang mga awdyo-biswal na materyales sa ating bansang Pilipinas at sa iba pang bansa, malaki pa rin ang dulot ng mga ito bilang lunsaran ng karunungan sa pagtalakay ng iba’t ibang araling pangklase. Idinagdag pa niya na nagagamit ang mga pelikula sa pagtalakay ng literatura, lokal man o banyaga na tumutulong sa paghubog ng saloobin ng mga estudyante at nagagawang palakasin at patatagin ang kanilang mga kaalaman dahil bukod sa diyalogo, lantad na nalalapatan din ng biswal na may aksyong kaakibat at tunog ang pagbibigay buhay at kulay sa kanilang napapanood. Sa pamamagitan nito, tiyak ang paghuli o pagkapyur sa emosyon ng mga mag-aaral tungo sa mas malalim na komprehensyon o pagkakaunawa.

Sa disiplina ng pagtuturo ng Araling Panlipunan sa kasalukyan, lalo na ang tuon sa Kasaysayan ng Pilipinas, madalas na nakatutulong sa mga mag-aaral ang mga historiko-bayograpikal na mga pelikulang Pilipinong nalikha nitong mga huling taon. Inindorso pa nga ng marami sa Kagawaran ng Edukasyon upang magsilbing lunsaran ng proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Pinuri ng mga gurong nagtuturo ng Kasaysayan ng Pilipinas ang magandang simulain ng mga manggagawang kultural ng pelikulang Pilipino at ang kanilang adhikaing mailapit sa kamalayan ng mga kabataang Pilipino ang mayamang kalinangan ng ating bansa. Sa kabilang banda, isang hamon ang kanilang kinahaharap hinggil sa kung paano nga ba ituturo ang Kasaysayan gamit ang pelikulang Pilipino.

Bilang sining, may sangkap ang isang pelikula: salaysay, sinematograpiya, tunog, kuhanang eksena, at ang pag-edit sa kabuuan nito (Pierson, 2013). Bagama’t mahalaga ang lahat ng mga ito, tuon sa pagtuturo ng kasaysayan ang kwentong isinalaysay sa pelikula at paano ito maiuugnay sa mga talang pangkasaysayang tinatalakay sa loob ng silid-aralan. Bahagi ng kwento o ng salaysay ng pelikula ang pagtukoy sa paksa, tema at kaisipang lumilikha ng kabuuang kalagayan ng pelikula. Tinatawag itong *motif* ng pelikula. Isa ito sa mga susi upang lalong higit pang maunawaan ng mga mag-aaral ang pelikulang kanilang pinapanood habang binibigyan nila ito ng pagpapahalaga. Sa pamamagitan ng paglalantad sa mga mag-aaral sa mga pangunahing *motif* ng pelikula, sinasanay sila ng kakayahang masuri ang pagkakabuong pangkayarian nito na daan sa isang kritikal na pag-iisip na nararapat linangin sa mga mag-aaral bilang kasanayan.

Ayon sa pamantayan sa programa ng Araling Panlipunan sa K-12 Kurikulum, inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto at isyung pangkasaysayan, pangkultura, pampamahalaan, pansibiko, at panlipunan gamit ang mga kasanayang nalinang sa pag-aaral ng iba’t ibang disiplina at larangan ng Araling Panlipunan. Kabilang ang mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw upang maging isang mapanuri,

mapagnilay, mapanagutan, produktibo, makakalikasan, makabansa at makatao na papanday sa kinabukasan ng mamamayan ng bansa at daigdig. Isang panawagan ito upang mabigayan ng pagkakataon ang mga guro sa mga mag-aaral ng isang mataas na antas ng edukasyong naipamamalas sa paraan ng kanilang pagtuturo.

Sa kadahilanang ito, tiyak na kailangan ng mga guro sa Araling Panlipunan na patuloy na tumuklas ng mga panibagong dulong, pamaraan, istratehiya at paraan ng pagtataya sa pagtuturo upang mas lalo pang maiangat ang antas ng pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral. Gayundin, kailangan din nilang gumamit ng mga akmang kagamitang panturo kasabay nang tamang paglalapat nito ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral at sa hinihinging pamantayan ng kurikulum sa Araling Panlipunan partikular na sa pagtuturo ng Kasaysayan. Ilan sa mga ito ang mga awdyo-biswal na mga kagamitan tulad ng vidyo, pelikula, *multimedia technology* at iba pang mga gadget na tutugon sa kalikasan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon.

Tumatangkilik sa paggamit ng Pelikulang Pilipinong may halagang pedagojikal ang Suriang Look ng Pandan sa Antique hindi lamang sa pagtuturo ng Kasaysayan kundi sa iba pang larangang pang-akademiko. Sa maraming pagkakataon, isang gamiting estratehiya ang panonood ng pelikula na talagang pinaglaanan ng mga namamahala sa paaralan ng isang espasyong tutugon sa gawaing ito ng mga mag-aaral. Bukas sa anumang pagkakataon ang Silid Awdyo-Biswal ng paaralan sa ganitong gawaing pangklase. Inaasahan ng paaralan na lubhang nakatutulong sa mga mag-aaral at sa kanilang pagkatuto ang nasabing estratehiya. Ang ugnayan ng panonood ng vidyo o pelikula bilang isang anyo ng teksto ay kalimitang sinusundan ng mga gawaing pasulat tulad ng reaksyong papel o anumang kahilingang nagpapakita ng patunay sa pagkatuto ng mga mag-aaral tulad ng talakayang pangklase. May tunguhing pang-akademiko ang panonood ng anumang vidyo o pelikula, na bagama't nakalilibang sa anyo ay lunsaran sa kasanayang mag-isip ng kritikal.

### 1.1 Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang mabatid kung gaano kaepektibo ang paggamit ng nabuong worksheet sa kritikal na pag-iisip sa panonood ng pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal bilang bahagi ng pag-aaral sa asignaturang Araling Panlipunan na ibinatay sa pamantayan sa pagkatuto ng umiiral na kurikulum. Sa pag-aaral na ito, tinangkang hanapin ng mananaliksik ang mga kasagutan sa mga sumusunod:

- Ano ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol hinggil sa piling paksa sa Araling Panlipunan 7 bago ang pagtuturo?
- Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang mga mag-aaral sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol batay sa resulta ng paunang pagsusulit?
- Gaano ang nadagdag na antas ng pamantayan sa pagkatuto sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol pagkatapos ang isinagawang pagtuturo nito?
- May mahalaga bang pagkakaiba sa nadagdag na antas ng pamantayan sa pagkatuto sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental?
- Ano ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol tungkol sa aralin matapos ang pagtuturo?
- May mahalaga bang pagkakaiba ang Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol sa *post-test*?
- Alin sa dalawang pamamaraan ang higit na mabisa sa pagtuturo ng Kasaysayan batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito?

### 1.2 Mga Hinuha

Narito ang mga hinuha sa pag-aaral na ito:

- Walang mahalagang pagkakaiba sa *pre-test* ang mga mag-aaral sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental sa isinagawang pag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit.
- Walang mahalagang pagkakaiba sa *post-test* ang mga mag-aaral sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental sa isinagawang pag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit.
- Walang mahalagang pagkakaiba sa naidagdag na antas ng pamantayan sa pagkatuto sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental.
- Walang mahalagang pagkakaiba sa dalawang pamamaraang ginamit sa pagtuturo.

## 2. Pamamaraang ginamit

Gumamit ang pag-aaral na ito ng pamamaraang eksperimental. Ayon kay David (2002) tinatawag ding pamamaraang interbensyon ang eksperimental na tumataya sa bunga o resulta ng isang interbensyon o *treatment*. Sa eksperimental na pamamaraan, pinag-aaralan ang ugnayan ng sanhi at bunga sa pagitan ng mga salik na makaaapekto rito gamit ang dalawang magkaparehong pangkat na ilalantad sa magkaibang interbensyon o *treatment*. Sa puntong ito, pinag-aralan ng pananaliksik na ito ang halaga ng pagtuturo ng pelikula gamit ang nabuong worksheet sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral na magiging Pangkat Eksperimental. Sa kabilang banda, inilantad naman sa karaniwan o tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo gamit ang pelikula ang Pangkat Kontrol. Sa pag-aaral na ito, ninais ng mananaliksik na ipakita ang pagkakaiba ng dalawang pangkat na ginamitan ng nabuong worksheet at ng tradisyunal na pagtuturo sa larangan ng pagtuturo ng Kasaysayan sa tulong ng pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal. Nabuo sa isipan ng mananaliksik na paghahambingin ang dalawang pangkat at ang pamamaraang eksperimental ang pinakaangkop na pamamaraan sa pag-aaral na ito.

Nagbigay ng *pre-test* at *post-test* ang katuwang na guro ng mananaliksik upang malaman ang antas ng nadagdag na pamantayan sa pagkatuto sa dalawang pangkat. Sa pagtukoy ng *motif* ng pelikulang Pilipino historiko-bayograpikal, gumamit ang mananaliksik ng mga pelikulang komersyal na naipalabas simula noong mga taong 2010-2015 na may temang angkop sa mga kabataan, edad labingtatlo (13) at pababa ayon sa pagkaklasipika ng **Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB)**. Kabilang dito ang “Supremo” (2012), “El Presidente” (2012), “Bonifacio: Ang Unang Pangulo” (2014), “Heneral Luna” (2015) at “Felix Manalo” (2015). Maliban dito, naging batayan din sa pagpili ng mga nasabing pelikula ang mga parangal at papuring natamo ng mga ito mula sa iba’t ibang *award-giving bodies/organizations* na indikasyon na isang de kalidad na pelikulang tunay na makapag-aambag ng kaalaman at karunungan sa mga mag-aaral sa kabuuan.

### 2.1 Pook ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Suriang Look ng Pandan. Matatagpuan ang paaralang ito sa bayan ng Pandan sa lalawigan ng Antique. Pribadong sektaryan ang paaralang ito na nagsimula noong 1947. Sa kasalukuyan, may humigi’t kumulang na 700 mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 11. Nagtuturo ang mananaliksik sa paaralang ito kung kaya’t madaling naisakatuparan ang pag-aaral na ito. Hinggil naman sa pasilidad at mga kagamitang pampagtuturo, nakatulong din sa mananaliksik ang kahandaan ng paaralang ito na nagamit sa proseso ng pag-aaral na ito tulad ng Silid Awdyo-Biswal, *Liquid Crystal Display (LCD)*, Computer at Sound Sytem.

### 2.2 Mga Kasaling Mag-aaral sa Eksperimento (Respondents)

Nagmula sa dalawang pangkat ng Baitang 7 ng Suriang Look ng Pandan, Taong Panuruan 2016-2017 ang mga kasali sa pag-aaral na ito na nag-aaral ng Araling Asyano sa kanilang asignaturang Araling Panlipunan. May tatlong pangkat ang mga mag-aaral sa Baitang 7 sa paaralang nabanggit. Isinantabi ang pangkat na tinaguriang “*Star Class*” sapagkat higit silang nakalalamang sa mga kakayahan. Kinuha ang nalalabing dalawang pangkat na may katulad na kakayahan. Sa puntong ito, maituturing na Quasi-Ekspserimental ang pananaliksik na ito. Binuo

sila ng pitumpung mag-aaral na may magkakaparehas na antas ng kakayahan. Batay sa grado ng mga mag-aaral sa Unang Markahan ang paraan ng pagpili. Dalawang pangkat ang gagamitin na may tig-tatalumpu't limang (35) bilang ng mag-aaral. Kinuha ng mananaliksik ang resulta o datos ng Unang Markahan na naging batayan ng pagpili sa dalawang pangkat na ginamit sa pag-aaral.

### 2.3 Instrumento ng Pananaliksik

Tatlong paraan ng instrumentasyon ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito upang makuha ang mga datos sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

1. **Test.** Gumawa ng apatnapung (40) aytem na pagsusulit ang mananaliksik batay sa nabuong talahanayan ng ispesipikasyon alinsunod sa banghay aralin. Dalawampu't lima rito ay may pagpipilian samantalang pasanaysay naman ang labinlima. Hinggil sa validiti ng nasabing pagsusulit, nagkaroon ng *validity test* sa dalawampu't limang may pagpipilian na mga aytem bago ito gamitin bilang instrumento. Ibinigay muna ito sa mga mag-aaral sa Baitang 8 na nakakuha na ng Araling Panlipunan 7 noong nakaraang taon. Matapos ang *validation*, ang pagsusulit na ito ay ginamit sa dalawang pangkat na kasali sa eksperimento. Ang *pre-test* ay ibinigay bago ang pagtuturo; ang pagsusulit na ito ay ibinigay din pagkatapos ng pagtuturo at tinawag itong *post-test*. Gumamit ang mananaliksik ng parallel na uri ng pagsusulit upang malaman ang naging antas ng pamantayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral bago at matapos ang pagtuturo ng Kasaysayan gamit ang pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal.

2. **Worksheet sa Kritikal na Pag-iisip sa Panood ng Pelikulang Pilipinong Historiko-Bayograpikal.** Tulad ng nabanggit na, bumuo ang mananaliksik ng worksheet na ginamit sa Pangkat Eksperimental.

3. **Obserbasyon.** Nagsagawa ng obserbasyon ang mananaliksik habang nagtuturo ang katuwang na guro upang makita ang interes o kawilihan ng mga mag-aaral na kabilang sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol.

### 3. Mga Natuklasan

Upang masukat ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol, nagbigay ng *pre-test* ang katuwang na guro ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng *mean at standard deviation* ay makikita ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng dalawang pangkat.

#### Talahanayan 1

Iskor ng mga Mag-aaral sa Pagsusulit Bago ang Pagtuturo (Pre-test)

| Iskor                     | Pangkat Eksperimental |       | Pangkat Kontrol |       |
|---------------------------|-----------------------|-------|-----------------|-------|
|                           | f                     | %     | f               | %     |
| 16-18                     | 1                     | 2.9   | 2               | 5.7   |
| 13-15                     | 7                     | 20.0  | 11              | 31.5  |
| 10-12                     | 13                    | 37.1  | 6               | 17.1  |
| 7-9                       | 10                    | 28.6  | 14              | 40.0  |
| 4-6                       | 4                     | 11.4  | 2               | 5.7   |
| <i>Kabuuan</i>            | 35                    | 100.0 | 35              | 100.0 |
| <i>Mean</i>               | 10.23                 | 29.2  | 10.86           | 31.0  |
| <i>Standard Deviation</i> |                       | 2.9   |                 | 2.9   |

Makikita sa Talahanayan 1 ang resulta ng *pre-test* ng dalawang pangkat. May isang mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ang nakakuha ng pinakamataas na iskor sa (16-18) na may 2.9% ng kabuuan na kumuha ng pagsusulit at dalawa naman sa Pangkat Kontrol ang nakakuha ng pinakamataas na iskor sa (16-18) na may 5.7% sa kabuuan. Apat ang nakakuha ng pinakamababang iskor (4-6) sa Pangkat Eksperimental at dalawa naman ang nakakuha ng pinakamababang iskor (4-6) sa Pangkat Kontrol. May labinsiyam naman ang nakakuha ng mga iskor sa pagitan ng (10-12) sa dalawang grupo. Ang mga iskor sa *pre-test* ay may mean na 10.23 para sa Pangkat

Eksperimental at 10.86 naman sa Pangkat Kontrol. Ang kanilang *standard deviation* ay kapwa parehong 2.9. Ipinakikita nito na mas maliit ang *standard deviation* kaysa sa *mean* nito na nangangahulugang *scattered* ang distribusyon at ang konsentrasyon ng mga iskor ay malapit sa *mean*.

Ang kinalabasan ng *statistical test* na ito ay nangangahulugan na ang dalawang pangkat ay naaayon para sa isang eksperimentasyon. Makikita na hindi nagkakatayo ang mga nakuhang iskor sa pre-test ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol. Sa pamamagitan ng t-test ay makikita ang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto sa aralin ng dalawang pangkat matapos ang *pre-test*. Makikita sa Talahanayan 2 kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pamantayan sa pagkatuto ang Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol pagkatapos ng *pre-test*.

## Talananayan 2

### *Pagkakaiba ng Pre-test ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol*

| Quantities                   | Pangkat Eksperimental        | Pangkat Kontrol |
|------------------------------|------------------------------|-----------------|
| n                            | 35                           | 35              |
| x                            | 10.23                        | 10.86           |
| s                            | 2.9                          | 2.9             |
| <i>Computed t Value</i>      | t = -0.0632                  |                 |
| <i>Critical Value</i>        | t (68; .05) = 1.994          |                 |
| <i>Verbal Interpretation</i> | Walang mahalagang pagkakaiba |                 |

Ipinapakita ng datos na walang mahalagang pagkakaiba sa kaalaman ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol tungkol sa piling paksa sa Araling Asyano gamit ang pelikulang Pilipinong historiko-bayograpikal bago ang pagtuturo. Ito ay mapatutunayan sa resulta ng *t-test* na ang *computed t-value* na -0.0632. Nangangahulugan na ang dalawang pangkat ay may magkatulad na kaalaman tungkol sa aralin na kanilang pag-aaralan. Ito ay mabuting aspeto ng eksperimento dahil ang mga mag-aaral ay nagsimula sa pag-aaral ng aralin na magkatulad ang lebel o antas ng pamantayan sa pagkatuto.

Makikita sa Talahanayan 3.1 ang mga iskor ng Pangkat Eksperimental sa pre-test at post-test.

## Talananayan 3.1

### *Mga Iskor ng Pangkat Eksperimental sa Pre-test at Post-test*

| Iskor                     | <i>Pre-test</i> | <i>Post-test</i> |
|---------------------------|-----------------|------------------|
| 34-36                     | -               | 2                |
| 31-33                     | -               | 5                |
| 28-30                     | -               | 7                |
| 25-27                     | -               | 9                |
| 22-24                     | -               | 5                |
| 19-21                     | -               | 4                |
| 16-18                     | 1               | 2                |
| 13-15                     | 7               | 1                |
| 10-12                     | 13              | -                |
| 7-9                       | 10              | -                |
| 4-6                       | 4               | -                |
| <i>Kabuuan</i>            | 35              | 35               |
| <i>Mean</i>               | 10.23           | 26.03            |
| <i>Standard Deviation</i> | 2.9             | 4.9              |

Ipinakita sa Talahanayan 3.1 ang mga iskor na nakuha ng Pangkat Eksperimental. Mapapansing may pagbabago sa mga iskor sa *post-test*. Tumaas ang nakuhang pinakamataas na marka sa *post-test* (34-36) mula sa 16-18 lamang na iskor sa *pre-test*. Labintatlong mag-aaral ang nakakuha sa 10-12 na iskor sa *pre-test* ngunit pagkatapos ng pagtuturo, wala ng estudyante ang nakakuha sa iskor na ito. Ang mean score ng *pre-test* na 10.23 ay umangat sa 26.03 sa *post-test*. Nagpapahiwatig ito na may nadagdag na pagkatuto pagkatapos ng pagtuturo. Marahil ito ay sa istilo ng pagtuturo ng guro at sa paggamit ng worksheet sa panood na nakadagdag nang malaki upang mas maunawaan ang aralin at pelikulang pinanood sa klse. Maaaring nabigyan ng pokus ng mga

mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ang nilalaman ng kanilang pinanood at naiugnay ito sa bawat paksang tinalakay.

### Talahanayan 3.2

#### Mga Iskor ng Pangkat Kontrol sa Pre-test at Post-test

| Iskor                     | Pre-test | Post-test |
|---------------------------|----------|-----------|
| 34-36                     | -        | 1         |
| 31-33                     | -        | -         |
| 28-30                     | -        | 5         |
| 25-27                     | -        | 8         |
| 22-24                     | -        | 5         |
| 19-21                     | -        | 9         |
| 16-18                     | 2        | 6         |
| 13-15                     | 11       | -         |
| 10-12                     | 6        | 1         |
| 7-9                       | 14       | -         |
| 4-6                       | 2        | -         |
| <i>Kabuuan</i>            | 35       | 35        |
| <i>Mean</i>               | 10.86    | 22.86     |
| <i>Standard Deviation</i> | 2.9      | 4.8       |

Ipinakikita sa Talahanayan 3.2 ang mga iskor sa pagsusulit ng mga mag-aaral na kabilang sa Pangkat Kontrol bago magturo at pagkatapos magturo. May dalawang (2) mag-aaral na nakakuha ng pinakamataas (16-18) at dalawa rin naman sa pinakamababa na 4-6 bago magturo samantalang isa ang nakakuha sa pinakamataas na iskor (34-36) at isa rin naman ang nakakuha ng mababang iskor sa 10-12 sa *post-test*. Ang mean ng pre-test ay 10.86 at ang mean naman ng post-test ay 22.86 na may dagdag na 12.0 puntos na kaalaman pagkatapos ng pagtuturo. Dito ay walang ginamit na worksheet sa panood subalit maaaring naunawaan nila ang aralin dahil sa istilo at estratehiya na ibinigay ng guro.

Makikita sa Talahanayan 4 ang nadagdag na antas ng pamantayan sa pagkatuto sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol ayon sa kinalabasan ng *post-test*.

### Talahanayan 4

#### Nadagdag na Antas sa Pagkatuto sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| Increment               | Eksperimental     | Kontrol           |
|-------------------------|-------------------|-------------------|
| 22-24                   | 2                 | 1                 |
| 19-21                   | 8                 | -                 |
| 16-18                   | 9                 | 7                 |
| 13-15                   | 7                 | 8                 |
| 10-12                   | 8                 | 9                 |
| 7-9                     | 1                 | 6                 |
| 4-6                     | -                 | 2                 |
| 1-3                     | -                 | 2                 |
| <i>n</i>                | 35                | 35                |
| $\bar{D}$               | 15.8              | 12.0              |
| <i>S<sub>D</sub></i>    | 3.8               | 5.9               |
| <i>Computed t Value</i> | $t = 24.6875$     | $t = 11.9940$     |
| <i>Critical Value</i>   | $t(34,.05)=1.691$ | $t(34,.05)=1.691$ |

Ipinakikita ng datos ang nadagdag na pamantayan sa pagkatuto sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol matapos ang pagtuturo (*post-test*). Dalawang mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ang nakakuha ng may pinakamataas na dagdag na puntos na (22-24) samantalang may isa naman sa Pangkat Kontrol. Sa iskor na (19-21), walong mag-aaral ang nakakuha ng dagdag na iskor samantalang wala naman sa Pangkat Kontrol. Kung susuriin sa kabuuan, malaki ang naidagdag na kaalaman sa Pangkat Eksperimental batay sa *computed t value* nito na  $t=24.6875$  at may *critical t value* na  $t(34,05)=1.691$  at gayundin sa Pangkat Kontrol na may *computed t value* nito na  $t=11.9940$  at may *critical t value* na  $t(34,05)=1.691$ . Nangangahulugan lamang ito na may

nadagdag na pagkatuto sa dalawang pangkat pagkatapos ng pagsusulit.

Makikita sa Talahanayan 5 ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol matapos ang pagsusulit. Sa pamamagitan ng *mean* at *standard deviation* ay makikita ang antas ng pamantayan sa pagkatuto ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol.

### Talahanayan 5

#### Resulta ng Post-Test ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| Iskor                     | Pangkat Eksperimental |       | Pangkat Kontrol |       |
|---------------------------|-----------------------|-------|-----------------|-------|
|                           | f                     | %     | f               | %     |
| 34-36                     | 2                     | 5.7   | 1               | 2.9   |
| 31-33                     | 5                     | 14.3  | -               | -     |
| 28-30                     | 7                     | 20.0  | 5               | 14.3  |
| 25-27                     | 9                     | 25.7  | 8               | 22.9  |
| 22-24                     | 5                     | 14.3  | 5               | 14.3  |
| 19-21                     | 4                     | 11.4  | 9               | 25.7  |
| 16-18                     | 2                     | 5.7   | 6               | 17.0  |
| 13-15                     | 1                     | 2.9   | -               | -     |
| 10-12                     | -                     | -     | 1               | 2.9   |
| <i>Kabuuan</i>            | 35                    | 100.0 | 35              | 100.0 |
| <i>Mean</i>               | 26.03                 | 74.4  | 22.86           | 65.3  |
| <i>Standard Deviation</i> |                       | 4.9   |                 | 4.8   |

Ang resulta ay nagpapakita na ang *mean*, 26.03 ng Pangkat Eksperimental pagkatapos ng pagtuturo ay mas mataas kaysa sa nakuhang *mean* iskor ng Pangkat Kontrol na 22.86. Ang resulta ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ay higit na nagpamalas ng pagkatuto sa ginawang pag-aaral. Marahil mas higit silang natuto sa pamamagitan ng paggamit ng worksheet sa panonood na naging daan upang lubos na maunawaan ang aralin at ang pelikula. Ito rin ang naging daan upang lalo pang maunawaan ang mga paksa sa Kasaysayan ng Asya tulad ng nasyonalismo at ang pagkabuo ng pagkabansa. Makikita na may dalawang mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ang nakakuha ng mataas na iskor sa (34-36) at pantay naman sa tiglilimang mag-aaral ang nakakuha sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol sa iskor na (22-24). May isa naman sa Pangkat Eksperimental ang nakakuha ng mababang iskor sa (13-15) at isa rin naman sa Pangkat Kontrol ang nakakuha ng mababang iskor sa (10-12).

Makikita sa Talahanayan 6 ang naging resulta ng post-test ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol.

### Talahanayan 6

#### Pagkakaiba ng Post-test ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| Quantities                   | Pangkat Eksperimental     | Pangkat Kontrol |
|------------------------------|---------------------------|-----------------|
| n                            | 35                        | 35              |
| x                            | 26.03                     | 22.86           |
| s                            | 4.9                       | 4.8             |
| <i>Computed t Value</i>      | t = 2.3581                |                 |
| <i>Critical Value</i>        | t (68; .05) = 1.994       |                 |
| <i>Verbal Interpretation</i> | May mahalagang pagkakaiba |                 |

Ipinakikita ng Talahanayan 6 ang pagkakaiba ng dalawang pangkat sa kinalabasan ng pagsusulit matapos ang pagtuturo (*post-test*). Mas mataas ang kinalabasan ng *mean* ng Pangkat Eksperimental (26.03) kaysa sa Pangkat Kontrol na may mean na 22.86 lamang. Nagpapahiwatig ito na mas maganda ang naging resulta ng pagtuturo gamit ang worksheet sa panonood. Ipinakikita sa talahanayan na mas mataas ang nakuhang *computed t value* (2.3581) kaysa sa *critical value* na 1.994. Nangangahulugan ito na may mahalagang pagkakaiba ang kinalabasan ng pagsusulit matapos ang pagtuturo sa Pangkat Eksperimental. Mas mataas ang *performance* ng mga mag-aaral sa Pangkat Eksperimental batay sa resulta ng pagsusulit matapos ang pagtuturo. Malaki rin ang naging tulong ng paggamit ng worksheet sa panonood upang lubos na maunawaan ang mga kaisipan at konspeto hinggil sa nasyonalismo at pagbuo ng bansa bilang isa sa mga aralin sa Araling Asyano.



Maiugnay ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa mga naisagawang pag-aaral na nagpapatunay na ang paggamit ng pelikula bilang pamamaraan sa pagtuturo ay nagpapataas ng performance ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Sina Barro (2016), Calo-oy (2014) at Velasquez (2012) na kapwa nagkakaisa na may hatid na positibong ambag sa *performance* ng mga mag-aaral ang paggamit ng vidyo o pelikula bilang isang masasaligang interbensyon sa larangan ng pagtuturo ng iba't ibang disiplina mapa-Agham Panlipunan man o pagkatuto ng wika.

Batay sa resulta ng pag-aaral, makikita na ang pagtuturo na ginamitan ng worksheet sa panonood ay mas mabisa kaysa sa pagtuturo na gamit ang tradisyunal na pamamaraan. Mas naging epektibo ito dahil hindi lamang nila natukoy ang mga paksa sa Araling Asyano kundi mas naunawaan nila ang mga konspetong kaugnay hinggil sa nasyonalismo at pagbuo ng pagkabansa ng Pilipinas sa paraang kritikal na pag-iisip. Sa tulong ng worksheet sa panonood, nabigyan ng gabay ang mag-aaral na maisaproseso ng hakbang-hakbang ang iba't ibang antas ng pagkatuto at pag-iisip mula sa pangkaalaman at pang-unawa tungo sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip na kinalakipan ng pagsasagawa ng mga natutunang konsepto batay sa hinihinging pamantayan sa pagkatuto ng Araling Panlipunan nakaiba sa pagbibigay lamang ng reaksiyon na tanda lamang ng antas ng pagkaunawa ng mag-aaral.

Bilang implikasyon nito sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto, mahalagang *mai-align* ang mga hinihinging pamantayan sa pagkatuto sa mga gawaing pang-mag-aaral sa silid-aralan kasama na ang paraan ng pagtataya sa mga ito upang tunay na masubok ang kakayahang mag-isip ng mag-aaral sa iba't ibang antas at maiangat ang kanilang mga *performance* sa tulong ng mga kagamitan sa pagtuturo tulad ng vidyo o pelikula. Sumasang-ayon sa pananaw na ito si Ekahitanond (2011) na nagsabi sa kanyang pag-aaral na ang pelikula, bilang pantulong na kagamitang panturo ay magtaas ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral na dapat na prayoridad sa anumang pagbabagong pang-edukasyon.

#### 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Sa isinagawang eksperimentasyon ng mananaliksik sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol ay nabuo ang mga konklusyon na ito:

1. Batay sa *mean* iskor ng dalawang pangkat matapos ang *pre-test* ay nakapagtala ang Pangkat Eksperimental ng 10.23 at 10.86 naman sa Pangkat Kontrol na may 0.63 lang ang kalamangan sa isa't isa. Nangangahulugan na halos parehas lamang ang antas o lebel ng pamantayan sa pagkatuto bago ang pagtuturo ng mga piling paksa sa Araling Asyano.

2. Base sa *pre-test*, may parehong antas ng pamantayan sa pagkatuto ang Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol bago ang pagtuturo. Ito ay nangangahulugan na ang dalawang pangkat ay *appropriate choice* para sa eksperimentasyon. Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pamantayan sa pagkatuto ang Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol hinggil sa “Ang Nasyonalismo at Paglaya ng mga Bansa”.

3. Nadagdagan ang antas ng pagkatuto ng dalawang pangkat matapos ang pagtuturo.

4. May mahalagang karagdagan sa antas ng pagkatuto ang *post-test* buhat sa *pre-test* ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol.

5. May mahalagang pagkakaiba ang kinalabasan ng pagsusulit matapos ang pagtuturo (*post-test*) sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol. Mas naging mataas ang *performance* sa pagsusulit ng mga mag-aaral na kabilang sa Pangkat Eksperimental kaysa sa Pangkat Kontrol.

6. Ang Pangkat Eksperimental ay nagpamalas ng higit na pagkatuto sa ginawang pag-aaral kaysa sa Pangkat Kontrol dahil sa paggamit ng worksheet sa panonood. May mahalagang pagkakaiba ang kinalabasan ng pagsusulit matapos ang pagtuturo (*post-test*) sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol. Mas naging mataas

ang *performance* sa pagsusulit ng mga mag-aaral na kabilang sa Pangkat Eksperimental kaysa sa Pangkat Kontrol.

7. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, mas mabisa o epektibo sa pagtuturo ang paggamit ng worksheet sa panood kaysa sa paggamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri sa mga natuklasan, ibinibigay ng mananaliksik ang mga sumusunod na mungkahi: Subukan ang paggamit ng video o pelikula na angkop sa aralin sa pagtuturo sa mga piling paksa sa Araling Panlipunan partikular na sa Araling Asyano na lilinang sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at pagpapahalaga sa mga ito. Ang paggamit ng pelikula at huwaring worksheet na nabuo sa pag-aaral na ito bilang kagamitan sa pagtataya na kaagapay sa pagpapanoood ng anumang pelikulang historiko-bayograpikal ay tungo sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sikapin din na bago ang panonood ng pelikula, ang mga mag-aaral ay maihanda at mabigyan ng mga kaukulang gabay. Mula rito, ang pagbuo ng **Canon** ng mga pelikulang Pilipino na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa isang sayantipikong pamantayan ay isang mungkahi at gabay sa mga susunod na mananaliksik.

Iba-ibahin ang istilo, teknik at paraan ng pagtataya sa pagtuturo ng Araling Asyano na nakapaloob sa laang oras na pangklasrum upang maging interesado ang mga mag-aaral sa aralin at tanggapin ng kapwa mga guro at mga mag-aaral ang mga pagbabagong nangyayari sa larangan ng teknolohiya na maaaring magamit sa pagkatuto at pagtuturo partikular na ang mga *assessment tool* na angkop sa pamantayan sa pagkatuto.

Bilang implikasyon sa pagtuturo, iminumungkahi ng mananaliksik na paigtingin at hikayatin pa ng pamunuan ng paaralan sa pagsuporta sa mga guro na bumuo ng worksheet sa pag-aaral o iba pang kagamitang panturo lalo na sa pagtataya na tugma sa hinihinging pamantayan sa pagkatuto sa kurikulum sa batayang edukasyon. Gayundin, iminumungkahi ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sangay, pribado man o publiko upang maging katuwang sa pagbibigay pa ng mahahalagang kagamitan hinggil sa larangan ng edukasyon. Bigyang pansin at gamitin ang mga kagamiting elektroniko bilang malaking pantulong sa paghahatid ng makabuluhan at napapanahong impormasyon, kaalaman at karunungan sa mga guro at mga mag-aaral.

Paglaanan ng pondo ang ICT at iba pang mga makabagong gadget na may malaking maitutulong sa pagpapanday ng kaisipan ng mga mag-aaral upang mas lalo silang magkaroon ng mabilis na *access* sa mga impormasyon at kaalamang pang-akademiko. Magpatayo ng isang Silid-Awdyo Biswal (humigi't kumulang na isang milyong piso ang kinakailangan na may 10% na *depreciation*) na makatutulong sa pagpapaunlad ng pasilidad ng mga institusyong pang-edukasyunal. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, bukod sa *quantitative* na bahagi, pagtuunan din ang mga *qualitative* na aspeto ng pananaliksik upang higit na maging makahulugan at madokumento ang resulta ng anumang pananaliksik lalo na ang mga kasagutan ng mga mag-aaral bilang repleksyon ng anumang pamantayan sa pagkatuto gamit ang kritikal na pag-iisip.

## 5. Talasanggunian

Aldoobie, N. (2015). ADDIE model. *American International Journal of Contemporary Research*, 5(6), 68-72.

Aralanet. (2011). Bloom-revised: revised taxonomy of education objectives. Retrieved from <http://www.scribd.com/doc/933640/Bloom-Revised>

Artikulo Uno Productions and Tarog, J. (2015). *Heneral Luna* (DVD). Quantum Films.

Barro, J. L. (2016). Paghahambing sa pagtuturo sa paksang “ugnayan ng kita, pag-iimpok, pagkonsumo at implasyon” gamit ang video na “estudyantipid” at tradisyunal na pagtuturo ng ekonomiks sa grade 10 ng Santolan high school taong panuruan 2015-2016. (‘Di-nalathlang tesis sa masteral). Roosevelt College Foundation. Cainta, Rizal.

Berk, R. A. (2009). Multimedia teaching with video clips: TV, movies, YouTube, and mtvU in the college classroom. *International Journal of Technology in Teaching and Learning*, 5 (1).

British Film Institute. (2014). A Framework for Film Education. Paris. Retrived from

<http://www.bfi.org.uk/sites/bfi.org.uk/files/downloads/%20bfi-a-framework-for-film-education-brochure-2015-06-12.pdf>

- Broto, A. S. (2008). *Statistics made simple*. National Book Store.
- Calo-oy, G. (2014). Use of films in teaching English literature. *IAMURE International Journal of Multidisciplinary Research*, 9(1).
- Campomanes, A., Navarro, A., Candelaria J.L. (2008). *Kaalaman at pagtuturo ng kasaysayan*. University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Champoux, J. E. (2007). Film as a teaching resource. New Mexico. Retrieved from <http://symptommedia.com/wp-content/uploads/teaching-resource.pdf>
- Considine, D. (1999). Critical viewing and critical thinking skills. Retrieved from <http://www.medialit.org/reading-room/critical-viewing-and-critical-thinking-skills>
- Cruz, C. U. (2007). *Statistics: rudiments and analysis of data*. Instructional Coverage System Publishing, Inc.
- Cruz, R. M. (2015). *Araling Asyano tungo sa pagkakakilanlan*. Vibal Group, Inc.
- David, F. P. (2002). *Understanding and doing research: a handbook for beginners*. Panorama Printing Inc.
- Del Rosario III, V. G. and Lamangan, J. (2015). *Felix Manalo* (DVD). Viva Films.
- Deocampo, N. (2008). *Sinegabay: a film study guide*. Anvil.
- Donnelly, D. (2014). Using feature film in the teaching of History: the practitioner decision-making dynamic. *Journal of International Social Studies*, 4(1).
- Edora, G. D. (2013). *Araling Asyano tungo sa pagkakakilanlan: gabay ng guro at mga karagdagang materyales sa pagtuturo*. Vibal Group, Inc.
- Ekahitanond, V. (2011) Learn, think, act: using movies to develop critical thinking skills. *Executive Journal*. Retrieved from [http://www.bu.ac.th/knowledgecenter/executive\\_journal/july\\_sep\\_11/pdf/aw16.pdf](http://www.bu.ac.th/knowledgecenter/executive_journal/july_sep_11/pdf/aw16.pdf)
- Fisher, D., & Frey N. (2011). Using video and film in the classroom. *International Reading Association*. Retrieved from [http://fisherandfrey.com/uploads/posts/Video\\_and\\_Film.pdf](http://fisherandfrey.com/uploads/posts/Video_and_Film.pdf)
- Francisco, C. G. C. (2015 Hulyo 16). Mga kasalukuyang perspektiv gamit ang teknoloji sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat. Retrieved from <http://documents.tips/documents/mga-kasalukuyangperspektiv-gamit-ang-teknoloji-sa-pagtuturo-ng-pagbasa-at-pagsulat.html>
- Gripal, L. L. (2016). Filipino film-based instructional plan for pre service education students. *International Journal of e-Education, e-Business, e-Management and e-Learning*. 6(1).
- Kagawaran ng Edukasyon. (2013 Disyembre). *K to 12: gabay pangkurikulum sa Araling Panlipunan baitang 1-10*.
- Marcus, A. S. (2010). *Teaching history with films: strategies for secondary social studies*. New York: Routledge. Retrieved from [https://books.google.com.ph/books?id=d8-MAgAAQBAJ&pg=PA156&lpg=PA156&dq=benefit+using+film+teaching&source=bl&ots=GoRZinhAOf&sig=BJbrqg9GW4AsRHckDWNOpn4PX0&hl=en&sa=X&redir\\_esc=y#v=onepage&q=benefit%20using%20film%20teaching&f=false](https://books.google.com.ph/books?id=d8-MAgAAQBAJ&pg=PA156&lpg=PA156&dq=benefit+using+film+teaching&source=bl&ots=GoRZinhAOf&sig=BJbrqg9GW4AsRHckDWNOpn4PX0&hl=en&sa=X&redir_esc=y#v=onepage&q=benefit%20using%20film%20teaching&f=false)
- Oriondo, L. O. and Antonio, E. D. (2004). *Evaluating educational outcomes (tests, measurement and evaluation)*. Rex Book Store.
- Orstein, A. C., & Lasley, T. J. (2004). *Strategies for effective teaching* (4<sup>th</sup> ed.). McGraw-Hill.
- Percoco, J. A. (2012). Reeling students into History: using films creatively. Retrieved from [https://www.nps.gov/nr/twhp/Prof\\_Dev\\_Project/Percoco\\_case\\_study\\_1.html](https://www.nps.gov/nr/twhp/Prof_Dev_Project/Percoco_case_study_1.html)
- Peirson, T. (2013). The five formal elements of film: how to critically evaluate movies. Retrieved from <http://collinsvillelibrary.blogspot.com/2013/03/the-five-formal-elements-of-film-how-to.html>
- Reynaud, D. (2008). Dealing with historical movies in the History and English classroom. *TEACH Journal of Christian Education*, 2(2).
- Ritz, G. (2016). ISTEP+: grade 7 social studies released part 1 applied skills (open-ended) items and scoring notes. Indiana Department of Education. Retrieved from <http://www.doe.in.gov/sites/default/files/assessment/spring-2016-istep-released-items-and-scoring-notes>
-

[grade-7-soc-studiesfinal.pdf](#)

Rocha, E. A. and Williams, E. (2014). *Bonifacio: ang unang pangulo* (DVD). Philippians Productions.

Scenema Concept International and Meily, M. (2012). *El Presidente* (DVD). Viva Films.

Tamayo, J. L. (2014). Ang epektibong paggamit ng multimedia sa paglinang ng pagtuturo at pagkatuto. *Udyong*. Retrieved from

<http://udyong.net/teachers-corner/4759-ang-epektibong-paggamit-ng-multimedia-sa-paglinang-ng-pagtuturo-at-pagkatuto>

Vargas, A., & Somes, R. (2012). *Ang supremo* (Motion picture). Alternative Vision Cinema and Strawdogs Studio Productions.

Velasquez, D. III. (2012). Film as instructional aid in teaching intonation: effects on performance and attitude towards the Speech 1 course. *FEU Communication Journal*, 7 (1).

Willingham, D. T. (2009). Why don't students like school. *American Educator*, Spring. Retrieved from

<http://www.aft.org/sites/default/files/periodicals/WILLINGHAM%282%29.pdf>

Xhemaili, M. (2013). The advantages of using films to enhance students' reading skills in EFL classroom. *Journal of Education and Practice*, 4(13).